IPER CER

Inihanda ng Institute for Political and Electoral Reform (IPER)
sa pakikipagtulungan ng Consortium on Electoral Reforms (CER)
at ng United Nations Development Programme (UNDP)

Pinagtibay ng 2003 National Voters' Education Summit

Boto Para Sa Kinabukasan.

Isang Praymer para sa Pakikilahok ng Mamamayan sa Halalan

Ang praymer na ito ay nagsisilbing ambag sa mga pagsisikap na magkaroon ng mulat na pagkilos at desisyon ang mga Pilipinong mamamayang-botante. Bilang batayang modyul, saklaw nito ang mga konsepto ng pagboto bilang karapatang-pantao, sistemang pulitikal at elektoral, at mabuting pamamahala.

C. E. Form No. 6

OFFICIAL BALLOT

OFFICIAL BALLOT

May 10, 2004

PUERTO PRINCESA CITY

Fill out this ballot secretly inside the booth. Do not put any distinctive mark on any part of this ballot.

PRESIDENT _____

VICE-PRESIDENT _____

SENATORS

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____
6. _____
7. _____
8. _____
9. _____
10. _____
11. _____
12. _____

PARTY LIST

Select one from among the Political Parties, Sectoral Parties (Labor, Peasant, Urban Poor, Indigenous Cultural Communities, Women, Veterans, Elderly, Disabled, Fisherfolk, Overseas Workers, Youth or Professionals), Organizations or Coalitions enumerated in the certified list posted on the voting booth.

_____

CONGRESSMAN/
REPRESENTATIVE _____

GOVERNOR _____

VICE-GOVERNOR _____

MEMBERS SANGGUNIANG PANLALAWIGAN/
PROVINCIAL BOARD

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____

CITY MAYOR _____

CITY VICE-MAYOR _____

MEMBERS SANGGUNIANG PANLUNSOD/
CITY COUNCIL

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____
6. _____
7. _____
8. _____
9. _____
10. _____

Voter's
Right Thumbmark

No. 1234567

SAMPLE ONLY

Ano ang "right of suffrage"?

Ang "suffrage" ay ang karapatang bumoto o lumahok sa mga halalan at, para sa Pilipinas, ay isinasaad sa tatlong dokumento. Ang mga ito ay: Universal Declaration of Human Rights (UDHR), International Covenant for Civil and Political Rights (ICCPR) at 1987 Saligang Batas ng Pilipinas, na nagsasabi na ang karapatang ito ay para sa lahat, ang mga tao ay may pantay-pantay na karapatang mahalal at maglingkod, at ang bawat boto ay sagrado.

Bilang isang mamamayang-botante, karapatan natin ang malaya at matalinong pagpili kung sino ang ihahalal na mamamahala sa gobyerno. Ang mga gagawin nating pagpapasyang politikal ang magtatalaga ng uri ng pamahalaan na magpapatakbo ng ating bansa.

Paano magagamit ang "suffrage" sa pakikilahok sa pulitika?

Ang tinatawag na "sovereignty" o ang kapangyarihan ng mga tao na mamamahala ay tuwirang maisasagawa sa pamamagitan ng pagboto, o sa pamamagitan ng mga pinuno na ating iboboto. Ang tunay na kagustuhan at saloobin ng mga tao ay masasalamin sa isang malinis, maayos at matapat na halalan.

Ano ang mga katangian ng isang lehitimong Pilipinong botante?

- ☑ mamamayan ng Pilipinas
- ☑ 18 taong gulang at pataas sa araw ng halalan
- ☑ naninirahan sa Pilipinas sa loob ng isang taon at, sa lungsod o munisipalidad kung saan boboto ng anim na buwan bago ang halalan
- ☑ iyong mga hindi pinagbabawalan ng batas na bumoto

at sa ilalim ng R.A. 9189 o Batas patungkol sa Overseas Absentee Voting:

- ☑ mga Pilipinong nasa labas ng bansa
- ☑ 18 taong gulang at pataas sa araw ng halalan
- ☑ imigranteng Pilipino ngunit may affidavit o kasulatang naglalayon ng intensiyong manirahan muli sa Pilipinas
- ☑ iyong mga permanenteng naninirahan sa labas ng bansa, ngunit may affidavit o kasulatang naglalayon ng intensiyong manirahan muli sa Pilipinas

Sino ang hindi pinahihintulutan ng batas na bumoto sa mga eleksiyon sa Pilipinas?

- ☒ Taong nahatulan ng pagkabilanggo ng hindi bababa sa isang taon.
- ☒ Taong nahatulang nagkasala ng rebelyon, sedisyon, paglabag sa mga batas laban sa paghihimagsik at paggamit ng armas, o anumang krimen na nagbabanta sa pambansang seguridad o may kaugnayan sa pagtataksil sa pamahalaan
- ☒ Taong napatunayang may kakulangan sa pag-iisip o walang sapat na kakayahan

Mga Halalan sa Pilipinas

Bago ang Batas-Militar
Ang Pilipinas ay nasa ilalim ng two-party system kung saan ang mga partidong Nacionalista at Liberal ang mga umiiral na partido politikal.

Panahon ng Batas Militar
Halalan para sa Interim Batasang Pambansa noong 1978. Ang Kilusan Bagong Lipunan (KBL) ang naging dominanteng partido. Ang naganap na halalan ay sinasabing tungo sa pagpapanumbalik ng dating kaayusang pampulitika, ngunit ang tunay na dahilan ni Marcos ay ang pagpapatibay ng kanyang posisyon at ang pagbuo ng lehislatura na aayon sa kanyang pamamalakad. Ang halalang ito ay kinakitaan ng malawakang pandaraya upang masigurado ang pagkapanalo ni Marcos.

1960 — 1970 — 1980

1972
Nagdeklara ng Batas Militar si Ferdinand Marcos. Ang Saligang Batas ng 1935 ay isinantabi, isang pansamantalang Batasan ang binuo, at isang bagong Saligang Batas (1973) ang pinagtibay.

1983
Naganap ang pagpaslang kay Ninoy Aquino.

Anu-ano ang mga tungkulin at kapangyarihan ng mga opisyal na hinahalal sa pambansa at lokal na antas?

	Ehekutibo/Executive	Lehislatura/Legislature
Pambansang Antas	✪ Pangulo/Presidente (Pangalawang Pangulo/Bise-Presidente)	✪ 12 Senador ✪ 1 Kongresista/ Kinatawan ng Distrito ✪ (1Grupo ng Party-list)
Panlalawigang Antas	✪ Gobernador/ Punong Lalawigan	✪ Bise-Gobernador/Pangalawang Punong Lalawigan ✪ Kasapi ng Sangguniang Panlalawigan
Pambayan/ Panglunsod na Antas	✪ Alkalde/ Punong Bayan o Punong Lungsod	✪ Bise-Alkalde/ Pangalawang Punong Bayan/Lungsod ✪ Konsehal/Kagawad o mga Kasapi ng Sangguniang Panglunsod/ Sangguniang Bayan
Pambarangay na Antas	✪ Punong Barangay (PB)	✪ PB ✪ Konsehal/Kagawad o Kasapi ng Sangguniang Barangay
Tungkulin at Kapangyarihan	Pamamahala ng lahat ng departamento/ kagawaran ng sangay ng ehekutibo kasama na ang lahat ng mga ahensyang tagapagpaganap ng gobyerno Paghirang ng mga opisyal sa mga matataas na posisyon sa gobyerno. (Puno ng departamento sa mga ahensyang tagapagpaganap/ Miyembro ng Kabinete, mga embahador, pampublikong ministro, konsul, at opisyal ng hukbong sandatahan) Pangangasiwa sa katuparan at implementasyon ng mga batas at patakaran	Paggawa ng batas, pagbalangkas at pagbabago (pag-amiyenda) ng Saligang Batas Paglalaan ng gugulin/ gawaing pampinansiyal (appropriations) Tungkulin ng pangangasiwa/oversight Kapangyarihang magsagawa ng mga kaukulang pagsisiyasat upang gumabay sa pagbabalangkas ng batas



Paano nagtatagpo ang ehekutibo at mga mambabatas sa proseso ng pagsasagawa ng batas?

Sa paggawa ng batas, maaring aprubahan o i-veto ng pangulo ang itinatadhanang batas. Sa pagkakataong ito ay i-veto, kailangan ng boto mula sa 2/3 ng mga mambabatas upang tuluyang maipasa ang naturang batas.

Sa lokal na antas naman, may kapangyarihan ding mag-veto ng anumang ordinansa ang pinuno ng lokal na lehislatura kung sa kanyang palagay ay hindi magiging mabuti ang ibubunga nito. Upang mapawalang-bisa ang veto ay maaring lumikom ng boto mula sa 2/3 ng kabuuan ng sanggunian.

Ano ang nagiging sukatan ng mga Pilipinong mamamayang-botante (citizen-voter) sa pagpili ng kandidato?

Sa ginawang pagsaliksik at pag-aaral ng IPER, ang mga sumusunod ang nagiging basehan ng mga Pilipino sa pagboto:

Benefit factor o mga katangian ng kandidato tulad ng pagiging madaling lapitan, matulungin sa nangangailangan, malinis na pagkatao, nagtataguyod ng programang pangkaunlaran at alternatibong programa, na makakabenipisyo sa botante.

Makinarya na kasama na ang kinabibilangang partido, pagiging kabilang sa oposisyon, at mga mahuhusay na paraan ng pangangampanya.

Popularidad o pag-eendorso ng sikat at popular.

Pag-eendorso ng mga organisasyon at iba pang network tulad ng pamilya, simbahan, samahan o lider ng samahan.

Anu-anong mga iregularidad na nangyayari sa eleksiyon ang dapat nating bantayan?

Panunuhol, pananakot at iba pang uri ng dayaan tulad ng:

Pagpaparehistro sa iba't ibang pangalan;

Pagbebenta at pamimili ng boto/ pagbayad o pagtanggap ng bayad upang hindi na bumoto;

Pagboto sa iba't ibang pangalan o iba't–ibang presinto;

Pananakot sa mga taga-suporta, mga botante at mga kasapi ng Election Inspector;

Lanzadera/ o pagapapalit ng balota o kahon ng mga balota;

Paglalagay ng mga marka sa mga balota at iba pang dokumentong may kinalaman sa halalan;

Dagdag-bawas sa panahon ng bilangan at pagka-canvass.

Proseso ng Halalan

1. Araw ng Pagpapatala/Pagpaprehistro

2. Rebisyon/ Pagsasa-ayos ng Listahan ng Botante

3. Paglathala ng Opisyal na Listahan ng Botante

4. Pagboto

5. Pagbilang ng Boto

6. Paghahanda ng election returns at iba pang mga dokumento

7. Pamamahagi ng election returns sa kinauukulan

8a. Pag-canvass sa lokal na antas
(Lalawigan, Lungsod, Distrito, Munisipalidad)

8b. Pag-canvass sa pambansang antas
(Senador)

8c. Pag-canvass sa pambansang Antas
(Presidente, Bise-Presidente)

9. Pagproklama ng mga Nanalong kandidato

Ano ang mga ginagawang pagbabago para sa pagpapaunlad ng proseso ng halalan sa Pilipinas?

Ang Republic Act 8436 o Election Modernization Act of 1997 ay naglalayong magkaroon ng automated election system sa bansa mula noong halalan ng 1998. Ang sistemang ito ay inaasahang gumamit ng mga kaukulang makabagong teknolohiya sa pagboto at mga elektronik na kagamitan para sa pagbibilang ng boto.

Subalit, ang malawakang pagpatupad ng modernong pamamaraan ng halalan ay hindi pa maisasagawa sa darating na halalan sa taong 2004 at bibilang pa uli ng tatlong taon o higit pa bago maging isang kaganapan.

Pagpapatupad ng R.A. 8436 sa pamamagitan ng Comelec Resolution 02-0170

Phase I
Voter Registration and Validation System
(Proseso ng Pagpapatala/ Rehistro)

Phase II
Automated Counting and Canvassing System
(Proseso ng Pagbibilang ng Boto)

Phase III
Electronic Transmission of Election Results
(Proseso ng Paglilipat/ Pagpapadala ng Resulta ng Halalan)



Maliban sa pagboto sa mga eleksiyon, paano ako, bilang isang mamamayang-botante, makakalahok sa mga politikal at elektoral na gawain?

Inisyatiba at Reperendum

Ang sistema ng *initiative* at *referendum* ay nagbibigay ng kapangyarihan sa taong bayan na tuwirang magpatupad, maghain o hindi tumanggap ng mga batas sa lokal an antas.

Sa sistema din ng i*nitiative*, ang mga mamamayan ay maaaring tuwirang maghain ng mga pagbabago ng Saligang Batas sa pamamagitan ng pagsusumite ng petisyon ng hindi kukulangin sa 12% ng buong bilang ng rehistradong botante - kung saan ang bawat distrito ay may di kukulangin sa 3% ng mga rehistradong botante na ito ay kinakatawan sa bawat distrito.

Plebisito

Sa pamamagitan naman ng mga plebisito, ang taong bayan ay maaaring magsusog o magratipika ng mga pagbabago sa Saligang Batas, at magpahayag ng kanilang saloobin sa isang partikular na isyu sa lokal na antas.

Representasyong Sektoral

Ang *party-list system* ay nagbibigay sa mga sektor ng lipunan na wala o kulang ang representasyon ng pagkakataong magkaroon ng kinatawan kasama ng ating mga Kongresista sa Kongreso. Sa sistemang ito, sumusuporta ang mga botante sa partido ng isang sektor o organisasyon o koalisyon at sa mga isyu at programa nito.

Ang Saligang Batas at ang 1991 *Local Government Code (LGC)* ay nagsasaad din ng representasyon ng mga sektor sa mga lokal na sanggunian.

Local Special Bodies

May nakalaan ding puwesto para sa mga mamamayan sa mga ispesyal na lupon: lupong pangkalusugan; lupong pampaaralan; pangkapayapaan at kaayusan; at lupong pangkaunlaran sa lahat ng antas sa lokal na pamahalaan para sa konsultasyon at dayalog.

Asembliyang Pambarangay

May barangay *assembly* o pagtitipon ng lahat ng residente (mga 15-taong gulang pataas) ng barangay, upang pag-usapan ang mga gawain at pananalapi ng Sangguniang Barangay (SB) at mga isyung nakakaapekto sa buong barangay.

Ang Asembliyang ito ay may kapangyarihang dinggin at ipasa ang ulat ng Sangguniang Barangay (SB). Maaari din itong magrekomenda ng mga bagay na gagawan ng batas at magpasyang magkaroon ng *initiative* para sa pagpanukala, pagpasa o pagtanggi sa isang batas o ordinansa.

Sistema ng *Absentee Voting*

Ang *Republic Act* 9189 o *Overseas Absentee Voting Law* ay nagtatadhana ng sistema kung saan makakaboto sa mga pambansang halalan ng Pilipinas ang mga Pilipinong nasa labas ng bansa.

Anong mga katangian ang dapat taglayin ng isang mabuting pamahalaan, mabuting pinuno at mabuting mga mamamayang-botante?

- Ang **mabuting pamahalaan** ay iyong inilalahok ang mga mamamayan sa pagpapalakad at tumutugon sa mga pangangailangan ng mga mamamayan.
- Ang **mabuting mga pinuno** ay iyong nagtataguyod ng pananagutan sa mga pinamumunuan at nagsusulong ng mga makataong programa para din sa mga tao.
- Ang **mabuting mga mamamayang-botante** ay iyong nagpapahalaga sa karapatan sa pagboto sa pamamagitan ng pakikilahok at pagiging mapagmatyag.

Anu-anong mga pagkilos ang maaaring maging gabay ng mamamayang-botante sa pagganap sa karapatang bumoto?

Bago ang araw ng halalan

Maghanda para ipatupad ang karapatan sa pagboto at karapatang magkaroon ng mulat at malayang pagpili.

- Magparehistro sa panahong itinakda para dito
- Maging mulat sa mga isyu, plataporma at katauhan ng mga kandidato
- Magtakda ng pamantayan sa pagpili ng pinuno ayon sa kanyang ugnayang panlipunan, mga interes, kakayahan, uri ng pamumuhay at rekord sa serbisyo
- Mag-organisa/ makibahagi sa mga pampublikong debate kung saan matutukoy ang paninindigan ng kandidato na isulong ang interes at ikabubuti ng mamamayan sa pamamagitan ng mga programang ilalatag nila.

Sa araw ng halalan

Tiyakin ang pagboto at maging mapagbantay

- Bumoto ayon sa iyong konsensiya
- Alagaan ang integridad ng inyong sariling boto mula sa mga di karapat-dapat na impluwensiya
- Makipagtulungan sa mga samahang naglalayon at nagsusulong ng malinis at mapayapang halalan.
- Maging mapagbantay sa anumang pandaraya sa eleksiyon at ipagbigay alam sa kinauukulan at iba pang botante ang mga pangyayaring ito.

Pagkatapos ng araw ng halalan >>

Ipagpatuloy ang pagiging mapagbantay at mapanuri at pakikibahagi sa proseso ng pagpapatakbo ng pamamahala (governance)

- Maging mapagbantay sa oras ng bilangan ng boto
- Lumahok sa proseso ng *legislative advocacy*, kung saan ang mga mamamayan ay nakikipag-ugnayan sa sangay ng lehislatura at iba pang institusyong pampamahalaan upang masiguro na ang pangkalahatang kabutihan at interes ng sambayanan ay nagiging pangunahin sa deliberasyon at pagpapanukala ng mga batas
- Dumalo sa mga konsultasyon at *public hearing* at lumahok sa mga lokal na *special bodies*
- Maaari ring makilahok sa pamamagitan ng:

a. Pagpapahayag ng pananaw o opinion sa nahalal na pinuno o kinatawan

b. Pagsuporta at pagkampanya para sa isang kandidato o isang partidong pulitikal o sa isang grupo ng party-list

c. Pagsuporta sa mga pagsisikap ng mga samahan sa loob ng civil society upang matiyak ang isang tapat at mapayapang eleksiyon

d. Pagtakbo sa isang posisyon sa pamahalaan